

1

Marahan itong umibis sa bago nitong kotse. She looked so surreal in her yellow floral dress. Parang isang diwata, so pure and innocent, habang nakatayo roon sa ilalim ng araw. Sinasayaw ng hangin ang maganda at mahaba nitong buhok. Halos maamoy na niya ang matamis na amoy ng pabango nito.

Nagtama ang kanilang mga mata, gumuhit ang isang napakagandang ngiti sa mga labi ng dalaga at kumaway sa kanya. Nagsimula ang mabagal nitong paglalakad palapit sa kanya. Ilang saglit pa’y naroon na ito sa harapan niya at...

“P’wede ba, tumabi-tabi ka riyan!” inis na sabi ng dalaga.

Parang biglang nagising sa isang trance si Nicko. Dalawang beses pa siyang kumurap upang masiguro na totoo nga ang nakikita niya. Sambakol ang mukha ngayon ng kanyang kaharap. She was tapping her foot as she waited for him impatiently to move aside. Nasaan na ang engkantadang nakita niya kanina? Nang sa wakas ay nagawa niyang kumilos, pinagmasdan pa niya ang nagagalit na babae.

“Kaya hanggang ngayon ay wala pang nagkakamali sa iyo, ang sungit mo kasi. Maano man lang na ngitian mo ako o kaya ay kumustahin,” nagtatampong sabi niya, but he knew that Lorelei knew better.

Inirapan lamang siya nito at tuloy-tuloy na itong pumasok sa bahay.

“Nandito na pala ang anak kong maganda!” masayang bati ng mommy nito.

“Ang sabihin ninyo, Ninang, ang anak ninyong masungit,” pang-aasar niya, dahilan upang simangutan siya ni Lorelei. Tinawanan lamang sila ng kanyang ninang at nakitawa na rin siya.

Subalit hindi natutuwa ang kaisa-isang anak na babae ng Ninang Cory niya. Si Lorelei Tejardo ay isang very successful at talented editor-in-chief ng pinakasikat na women’s magazine. She was beautiful, sexy and very admirable, but she was also as stiff as a ruler. Nagtataka nga siya kung bakit mabenta ang magazine nito samantalang ito na yata ang reyna ng mga snob sa buong mundo. She always sticks to the rule. Sobra pa itong organized. At ang pinakamalala kapag kasama niya ang dalaga, pakiramdam niya ay lagi siyang guilty. Siguro ay dahil sa paraan kung paano ito tumingin sa kanya, na para bang hindi siya gagawa ng mabuti na hindi naman totoo... sapagkat

siya ay epitome ng isang...

“Bakit ka narito?” mataray na tanong nito. As usual, kasama na naman ng I-know-you’re-about-to-do-something-bad look nito.

“Masama bang dalawin ko ang aking magandang ninang?” inosenteng turan ni Nicko, sabay kindat sa ginang. “At para ibalita sa iyo na ikakasal na ang best friend mo at ikaw raw ang maid of honor.”

May kung anong rumehistro sa mga mata nito, marahil ay pagkagulat, subalit saglit lamang iyon pagkatapos ay tumingin na ito sa mommy nito.

“Wow, I’m really surprised! Sino ang groom?” Tinungo nito ang sala at umupo sa sofa. Mayamaya pa ay nagpulong na sila roon.

“Sino pa ba? Eh, di si Alfred!” excited na sagot ni Mrs. Tejardo.

“Akala ko ba break na sila, bakit bigla-bigla ikakasal na? Away-bati ang dalawang iyon, di ba? At bakit hindi sinabi sa akin ni Issa ang tungkol dito?” urirat nito. Ngunit sa pagkakataong iyon ay nakatingin na ito sa kanya.

Nagkibit-balikat siya. “Ikaw ang best friend niya, kaya malamang mas alam mo ang sagot kaysa sa

akin. Pareho kayo ng kaibigan mo. Pareho kayong walang taste.”

Inirapan siya nito bago muling nagsalita, “As if ang isa d’yan ay mayroong taste. If I know, lahat yata ng naging girlfriend mo, syota ng bayan.”

“At least, may love life ako pero ikaw...?” pang-aalaska pa niya. “Napag-iiwanan ka na, Miss; ang best friend mo’y ikakasal na samantalang ikaw ni boyfriend ay wala.”

“Naku! Kung si Issa at si Alfred kahit away nang away ay nagkakatuluyan, malamang may pag-asa pa kayong dalawa,” sabad ni Ninang Cory.

“Mommy...”

“Ninang!”

Sabay pa nilang ipinahayag ang pagtutol. Ni hindi maipinta ang mukha ng mahal na prinsesa. May kung anong sumaling sa ego niya dahil doon.

“Ninang, sorry po pero kung ang anak ninyo lang din ang makakatuluyan ko, magpapari na lang ako.”

“P’wede ba, Nicholas, as if naman papatol ako sa iyo! And mark my words, walang tatanggap na seminary sa iyo.” She rolled her eyes, her face flushed. Mukhang handang-handa uli itong giyerahin siya.

Sabagay, tuwing nagkukrus ang landas nila ay dapat nang asahan iyon.

“Aba, huwag kang magsalita ng tapos at baka ma-in love ka sa akin,” mayabang na sabi niya, sabay kindat dito.

“Never mangyayari iyon, ’no! Hindi pa ako nababaliw,” asik ni Lorelei.

“Iyan ang mangyayari sa iyo kapag natikman mo na ang pag-ibig ko.” Ngumisi siya rito at kitang-kita niya ang pamumula ng maganda nitong mukha.

“Tumigil na nga kayong dalawa! Para kayong mga aso’t pusa. Ang mabuti pa, Hija, umakyat ka na at nang makapagpahinga ka bago mag-dinner. At ikaw naman, Nicholas, halika rito at tulungan mo ako sa kusina.” Tumungo na sa kusina ang matandang babae.

Walang salitang umakyat sa hagdanan ang dalaga upang tunguhin ang itaas na palapag kung saan nandoon ang silid nito. Bibitbitin sana niya ang mga gamit nito nang bigla itong matigilan.

“Ano’ng gagawin mo riyan?” tanong nito sa kanya.

“Obvious ba? Iakayay ko sa room mo.”

Ipinagpatuloy niya ang pagbitbit,

“Bitawan mo na iyan, ako na lang.” Muli itong bumaba at tinangkang kunin sa kanya ang mga gamit nito. Subalit iniwas niya ang mga iyon.

“Really, Lorelei, kahit ba ang pagtulong ko sa iyo ay binibigyan mo pa ng ibang kahulugan?” inis na sabi niya.

“And who said I need your help?” mataray na paghahamon nito.

Pabalibag na binitiwang niya ang bag nito at walang salitang pumasok sa kusina. Pero bago siya tuluyang nawala ay hindi nakaligtas sa kanyang tainga ang mga patutsada nito. Napangiti siya, ang sarap talagang galitin ni Lorelei, iyon ang tumatakbo sa utak niya.

“Bakit nandito ka pa?” tanong ni Lorelei pagkakitang-pagkakita niya sa talipandas na si Nicko sa kanilang hapag-kainan. Buong linggo siyang abala at marahil ngayon niya binabayaran ang mga gabing wala siyang tulog dahil nakatulog siya pagkahigang-pagkahiga niya sa kanyang kama. Hindi niya inaasahan na makikita pa niya ang lalaki pagkagising niya.

Tuwing weekend, kung wala naman masyadong trabaho sa opisina ay dumadalaw siya sa kanila. Mag-isa na lang kasi ang kanyang ina at tanging si Manang Doray na lang ang kasama. Teenager siya nang maghiwalay ang mga magulang niya. Those times were really the most difficult time in their family. Lalo na sa parte niya dahil nagdadalaga siya nang mga panahong iyon.

Her parents' relationship was like a fairy tale in her eyes, and then all of a sudden, the sweet dream became a nightmare. Her parents just had their separate lives. Umalis ang daddy niya at nagpatuloy sa buhay nito, leaving them all. Then he died, iyon ang huling beses na nagkita sila dahil ni hindi man lang ito gumawa ng paraan upang maging bukas ang kanilang communication.

Dapat sana ay galit ang kanyang mommy, pero sinabi nito sa kanila na mahal nito ang daddy nila kahit nagkaganoon ang pagsasama ng mga ito, kaya hindi dapat sila magalit dito. Subalit ang mga panahon na nasayang at ang mga sandaling na-miss niya ang kanyang ama ang hindi na nila maibabalik at higit sa lahat ay ang lamat na naiwan nito sa kanilang lahat.

Ang kuya naman niya ay laging out-of-town.

Minsan nga ay sumagi na sa isip niya na gawin na lamang ang mga trabaho sa bahay para lagi silang magkasama ng kanyang mommy, nagi-guilty na kasi siya minsan lalo na kapag hindi siya nakakadalaw.

“Sabi ko sa kanya, bukas na siya umuwi. Hindi kasi natapos iyong ipinapagawa ko sa kanya sa stock room natin,” paliwanag ng kanyang mahal na ina.

Nagsimula na silang kumain. Ang paborito niyang ginataang hipon ang ulam nila. Sumubo siya at in fairness, ang sarap niyon. Iyon ang isa sa mga bagay na gustong-gusto niya kapag umuuwi sa kanila. Nakakakain siya ng mga paborito niyang pagkain.

“Mom, ang sarap ng ginataan! The best talaga ang luto mo,” puri niya sa ulam.

“Mabuti naman at nagustuhan mo. Sabi ko nga kay Ninang na mas masarap kung lalagyan ng maraming sili, kaso sabi niya hindi mo raw type ang maanghang,” ani Nicko. Hindi niya naituloy ang pagnguya, tumingin siya sa kanyang mommy.

“Huwag mo nang tingnan si Ninang, ako nga ang nagluto niyan,” buong pagmamalaking sabi nito sa kanya.

Lihim siyang napangiwi. Kung hindi nga lang bad manners ay baka nailuwa niya ang pagkain.

“Ang sarap magluto ni Nicko, di ba, Anak? Ang sabi ko nga sa kanya, suwerte ang mapapangasawa niya,” ani Mrs. Tejardo na talagang puring-puri ang binata.

“Sinabi mo pa, Ninang!” mayabang na sabi nito. Ang sarap talagang kutusan ng kumag, parang tuwang-tuwa pa na hindi na siya makapagsalita. “Lorelei, kumuha ka pa, para sa iyo talaga iyan.” Kinuha nito ang serving spoon at nilagyan pa ng ginataang hipon ang plato niya.

“Kailan ba raw kasi uuwi si Kuya, Mommy?” Iyon ang nasabi niya para malayo na sa ginataang hipon ang usapan. “Para naman hindi na natin kailangang humingi ng tulong sa iba. O kaya bakit hindi na lang kayo mag-hire ng ibang gagawa niyan?” dagdag pa niya.

“Lorel, Anak, mas maganda na kakilala natin. At bakit pa ako hahanap ng iba? Kayang-kaya na iyon ng guwapo kong inaanak. Ang kuya mo naman noong tinawagan ko, eh, sa susunod na buwan pa raw uuwi. Mabuti nga at lagi akong dinadalaw ni Nora at ni Nicko kahit na busy siya.”

Ano pa ba ang masasabi niya roon? Mukhang sa paningin ng kanyang mommy ay bida talaga si Nicko. At kung naaliw ito sa kinakapatid niya, sino

ba naman siya para ipagkait iyon sa ina, lalo pa at hindi siya madalas na dumadalaw rito. May sarili siyang tinutuluyan.

“Sure ka ba, Mommy, na maganda ang kalalabasan ng ipinagagawa mo?”

“Hoy, Lorelei, baka nakakalimutan mo kung ano ang trabaho ko?” sarkastikong tanong ng lalaki sa kanya.

“Yeah, right...” tuya niya. “And must I remind you that it took you six long years to finish the course and another two years before you had your first job and—”

“Sobra ka nang manlait, ah! Akala mo naman sobrang galing mo!” galit na sabad nito.

She gave him her super sweet smile. “I’m just telling the truth,” composed na composed na sabi niya na tila ba okay lang na magalit ang lalaking kaharap.

“At least, kahit na hindi ako kasing-talino mo ay may love life naman ako. Di tulad mong twenty-eight na, NBSB pa din. At iyong ka-date mo last time, ’wag mo nang ilusyunin iyon dahil sigurado akong katulad ko ang iniilusyon niya!” Tumawa pa ito nang malakas, parang ginagatungan talaga ang inis niya.

Samantalang si Aling Cory ay mataman lamang na nakikinig sa angilan ng dalawa. Totoo ang sinabi ni Nicko, sa likod ng lahat ng success na tinatamasa ng anak niya ay alam niyang malungkot ito. Nakakalungkot isipin na sa edad nito ay ni hindi pa ito nagkainteres na pumasok sa isang relasyon. At alam niya ang dahilan, alam niyang matapang si Lorelei, subalit pagdating sa isang relasyon ay takot itong magkamali. Umaasa siyang makita na nito ang lalaking nararapat dito. At sana si Nicko na iyon.

Kung alam lang ng anak niya na kahit na nagkaganoon ay hindi siya nagsisi na nagpakasal siya sa daddy nito. Nagkaroon siya ng magagandang anak at higit pa roon ay ang masasayang alaalang naiwan sa kanya. Subalit hindi iyon alam ng dalaga at sigurado siyang hindi rin ito makikinig sa kanya. Muli niyang tiningnan ang dalawa. Mayamaya pa ay isang plano ang nabuo sa kanyang isip. She let out a mischievous smile; she knew that these two belonged together. She just knew...

Sa mga sandaling iyon ay naghahanda na sa pagtulog ang dalaga. Naantala ang paghiga niya sa kama nang marinig ang tinig ng ina.

“Lorelei, Anak, p’wede mo bang pakikuha iyong mga naiwan kong books sa stock room,” utos nito.

Nakatayo ito sa bukana ng silid niya.

“Hindi ba p’wedeng bukas na lang, Mommy?” tanong niya, may pag-aatubili siyang nararamdaman.

“Kung si Nicko ang inaalala mo, kanina pa siya tulog. Kailangan ko kasi talaga, Anak, hindi ko naman maiwan iyong ginagawa ko,” pamimilit nito.

Tumayo na siya mula sa pagkakaupo sa kama at naglakad patungo sa nakabukas na pinto. “Kailangan ko ng flashlights doon?” tanong niya. Umiling ito. Tuluyan na siyang lumabas.

Lihim na napangiti ang biyuda habang pinanonood ang kanyang paglayo.

Pagbukas ni Lorelei ng pinto ng stock room ay kaagad niyang hinanap ang switch ng ilaw, subalit ayaw niyong gumana. Babalik pa sana siya sa loob ng bahay nang maisip niya na familiar naman siya sa lugar, at kahit walang ilaw ay kaya niyang hanapin ang mga librong pinapahanap ng kanyang mommy. Nasa sofa lang daw iyon.

Ang kanilang stock room ay puno ng mga alaala noong bata pa siya. Napakaraming libro roon, professor kasi ang daddy niya. Naroon din ang mga gamit nito noong buhay pa ito. Nasa silid na iyon ang masasayang alaala nila noong buo pa ang kanilang

pamilya. Ang hula niya kaya ni hindi magawang ipasira ng mommy niya ang silid at kung bakit lagi itong naroroon at nagbabasa ay dahil nami-miss pa rin nito ang kanyang ama at higit sa lahat ay binabalikan nito ang mga alaala nito kasama ang yumaong asawa.

Napabuntong-hininga siya, iyon ang ikinakatakot niya, ang matulad sa kanyang mommy. Masayahin ito, subalit alam niyang kinikimkim pa rin nito ang sugat at ang panghihinayang na ni hindi man lang nito nakausap ang kanyang ama kahit na sa huling sandali man lamang ng buhay nito.

Pagkapasok na pagkapasok niya sa silid ay bigla siyang may narinig na nagsalita.

“May kailangan ka?” tanong ng isang baritonong tinig. Muntik na siyang himatayin sa takot lalo pa at ang daddy niya ang kanyang iniisip. Sa punto ring iyon ay bigla na lamang sumara ang pinto. Lumapit siya roon at tinangka itong buksan, subalit naka-lock iyon. Nang hindi talaga mabuksan ang pinto ay muli niyang hinarap ang lalaki.

“Ayaw bumukas! At ano ba ang ginagawa mo rito, ha?” tanong niya. Hindi niya maitago ang panginginginig ng kanyang tinig.

“May ginagawa akong trabaho rito, remember?” sagot nito.

“Eh, bakit wala kang ilaw?” Muli niyang binalikan ang pinto at pilit iyong binuksan. Tinawag pa niya ang kanyang mommy.

“Nagpapahinga lang ako. Kanina naman may ilaw, ’tapos bigla nga lang namatay. Hiwalay ba ang switch nito sa bahay ninyo?” nais nitong malaman. Hindi niya maaninag kung saang parte ng silid ang kinaroroonan ni Nicko.

Tumango siya. Kahit na anong tawag niya sa mommy niya ay hindi ito sumasagot.

“Huwag mo nang piliting buksan iyan. Mukhang nakakandado sa labas.” Kampanteng-kampante ang tinig nito. Pinilit niyang buksan ang pinto, subalit wala ring kuwenta ang efforts niya.

“Tulungan mo kaya ako rito!” mayamaya ay sigaw niya. Naiinis na siya dahil ni hindi man lang ito nagpa-panic sa sitwasyon nila. Naka-adjust na ang mga mata niya sa dilim at nakita na niya ito na nasa itaas ng ladder. Iyong kisame marahil nila ang tinitingnan nito.

“Hindi mo nga mabubuksan iyan. Mukhang may gustong magsolo tayo rito,” he said with a wide grin

on his face. So very much like Nicko, marahil ay tuwang-tuwa ito na nakikitang nagpa-panic siya. At sigurado siyang may kung anu-anong ideya na ang naglalaro sa isip nito.

Lalo siyang kinabahan sa naisip. Trust Nicko to do mischief in the middle of a frightening situation. She was pretty sure he was thinking of unspeakable things, like kissing her. A flash of her kissing him passed through her mind.

May kung anong kilabot na gumapang sa pagkatao ni Lorelei. It was not disgust, she was sure of that. But seeing that familiar grin on his face made her wonder if... Kaagad niyang binura ang mga agiw sa isip niya. It must be the room and the darkness. Iyon ang nagbibigay sa kanya ng kakaibang kaba. Kailangan niyang makalabas sa lugar na iyon.

“Para kang yelo diyan. Ayos ka lang ba?” Nagtangka itong bumaba sa hagdan, mabilis niya itong pinigil.

“Okay lang ako! Diyan ka lang, please!” She didn’t want to sound like she was panicking, pero iyon ang lumabas sa bibig niya.

Tumawa ito nang malakas. “Kung ayaw ko?” hamon nito.

Napaurong siya sa pinto hanggang sa maramdaman niyang nakasandal na siya rito. Nakababa na sa ladder ang binata at unti-unti nang lumalapit sa kanya.

“Nicko, hindi ka na nakakatawa!” babala niya rito.

“Sino naman ang nagpapatawa?” He had a very sexy smile on his lips while staggering toward her.

Nakalapit na ito sa kanya, subalit ni hindi siya makagalaw sa kanyang puwesto. Pakiramdam niya ay parang nakakaramdam siya ng magnet. At kung may magnet ay may attraction at kung... Ayaw na niyang isipin ang mga iyon!

“Isusumbong kita sa mommy ko kapag nakalabas ako rito!” muling pagbabanta niya. Subalit ni hindi ito kumibo, bagkus ay inilapit pa ang mukha nito sa mukha niya. Pumikit na lamang siya nang mariin, hinihintay ang gagawin nito.

2

Hindi mapigilan ni Nicko ang mangiti pagkakita sa naging reaction nito sa paglapit niya. Kanina nang pumasok si Lorelei sa stock room ay talagang nagulat siya. Nabigla rin siya dahil namatay ang mga ilaw. Marahil ay hindi siya napansin nito dahil kung nagkataon ay mabilis pa sa alas kuwatro itong lalabas. He must admit that he was kind of disappointed. Mas gusto niyang pumasok ito sa stock room in a sexy lingerie. Kung nababasa lamang ng dalaga ang tinatakbo ng utak niya ay baka kumaripas na ito ng takbo. Pero imposible iyon dahil naka-lock ang pinto.

This was really a very promising situation. Natawa siya sa naisip. Parang isang nasukol na daga ngayon ang babaeng kaharap niya. Pinagmasdan niya ang nakapikit nitong mga mata, pababa sa matangos nitong ilong at pababa pa sa mga labi nito. She had the most kissable lips he had ever seen. They were not red but pinkish like a baby's. Her lips were full and luscious. Suddenly, he felt a strong urge to kiss her. Katulad dati nang ninakawan niya ito ng halik noong high school pa.

“May naalala ako sa eksenang ito,” he said in a

huskier voice. Biglang nagmulat ito ng mga mata. Marahil ay naalala rin nito ang sinasabi niya dahil napaawang ang bibig nito na parang may gustong sabihin. Sa huli ay isinara nito ang bibig at pagkatapos ay malakas siyang tinulak palayo at tumungo ito sa isang panig ng silid.

“Kung ano man ang iniisip mo, huwag mo nang ituloy dahil talagang sasamain ka. Isipin mo na lang ang sasabihin ng kuya ko.” Nagtago ito sa kabilang panig ng sofa.

“Wala pa nga akong iniisip. Binigyan mo tuloy ako ng idea,” nakangising sabi niya. Nanlaki ang mga mata nito. Palapit pa lamang siya ay umiwas na ito. Subalit mas mabilis siya rito.

Hinihila nito ang braso mula sa kamay niya, ngunit mas lalo lamang niyang hinigpitan ang hawak niya kay Lorelei. Hinatak niya ito palapit sa kanya at itinulak sa sofa. Dahil hawak pa rin nito ang kamay niya ay napasama siya sa pagbagsak. Naipit tuloy ang katawan nito sa kanya. Nagpumiglas ito subalit dahil sa bigat niya ay hindi nito nagawang kumilos.

“Ang sabi sa akin ni Ninang ay gusto ka na raw niyang mag-asawa. Palagay ko’y pipikutin niya ako ngayon. Yaman din lang na wala na akong lusot dito, baka p’wedeng unahin na natin ang honeymoon,”

pagbibiro niya sa dalaga.

Kitang-kita niya ang pamumula ng mga pisngi nito. *Lovely!* Iyon ang naisip niya. Hindi na niya napigilan ang sarili. Kaya bago pa ito magtatalak at bago pa magbago ang isip niya ay hinalikan na niya ito.

As he had imagined her lips were sweet and soft, kagaya noon. He took his time. He even ignored all her protests. He just wanted to have a kiss, a short sweet kiss. She stiffened in his arms but he urged her to respond. Nang tumugon ito ay lalong lumakas ang loob niya, kaya ipinagpatuloy niya ang paghalik dito. He wanted to swallow her whole. Saglit niyang inilayo ang mukha upang tingnan ang dalaga. Nakapikit ang mga mata nito. Her lips a bit swollen and her face was flushed. He wanted to kiss her again, pero alam niyang kapag ginawa niya iyon ay baka hindi na niya mapigilan ang sarili. Lorelei deserved better than a few tumbles in bed. At sigurado siyang kapag nahimasmasan na ito ay delubyo ang haharapin niya. Hindi nga siya nagkamali; dahil sa ginawa niyang pagtigil sa paghalik dito ay mukhang nagbalik na nga ito sa kasalukuyan. Nang-aakusa na ang tingin nito nang magmulat ito ng mga mata. Bigla siya nitong itinulak kaya nahulog siya sa sofa. Tumayo siya at naupo sa tabi nito. Binalingan niya ito at laking

gulat niya nang may makita siyang luha sa mga pisngi nito.

“Halatang-halatang virgin ka pa hanggang ngayon. Para sa isang halik lang ay umiiyak ka.” Sinundan niya iyon ng isang malakas na tawa. Nataranta siya dahil bigla na lamang itong humagulhol. Hindi niya alam kung paano ito aaluin.

“Tama na, please! Wala naman akong ginawang masama sa iyo. Virgin ka pa,” nasabi niya.

“Ulitin mo pa ang salitang ‘virgin’ at talagang tatamaan ka na sa akin, Nicko,” galit na tugon nito. Tumalikod ito at muling umiyak.

Napatanga siya. “Huwag mong sabihin sa akin na kaya nag-e-emote ka diyan ay dahil virgin ka pa?” di-makapaniwalang sabi niya.

Tiningnan siya nito nang matalim at pagkatapos ay sinampal. Nabigla siya sa ginawa nito.

“Alam mo, hindi naman kita pinagtatawanan kasi nga alam mo na...” Hindi na niya sinabi ang salitang iyon dahil baka muli siyang masampal nito.

Nakita niya ang pag-irap nito; mukhang hindi ito naniniwala sa kanya. “Lorelei, halos sabay na kaya tayong lumaki, para na tayong pamilya kaya kilala

na kita.”

Tiningnan siya nang mataman ng dalaga. Napasinghot pa ito dahil sa sipon na naipon na yata sa ilong nito. “Bakit? Ano ba ang pagkakakilala mo sa akin? Hindi ba ang sabi mo ay reyna ako ng kasungitan, snob, suplada... sa sobrang dami ng ni-label mong pangalan sa akin, sigurado ako na negative lahat iyon.”

“Tama ka sa sinabi mo, para sa akin ay ikaw na yata ang pinakakakaiba sa lahat ng babaeng nakilala ko. But you are the one who fascinates me. Kung hindi ay hindi sana kita laging pinagtitripan. And I’m really happy that you are not promiscuous, pero sa ugali mo, tingin ko malabong mangyari iyon,” litanya niya.

“At kung ayaw mo nang maging virgin, madali namang gawan ng paraan iyan,” mayamaya ay dagdag niya. Akmang ihihiga niya sa sofa ang dalaga. He was smiling warmly to her. Sabi nga ng mga kakilala niya ay best asset daw niya ang kanyang ngiti. Sana lang matunaw ang supladang babaeng ito.

“Sira-ulo! Hindi mo na mauulit ang ginawa mo kanina, ’no!” Hinampas nito ang braso niya, pero may ngiti na sa mga labi nito.

Lorelei didn’t expect the warmth she felt inside

when Nicko smiled back at her. Hindi iyon ngisi na madalas niyang nakikita rito kapag inaasar siya. It was a genuine smile. His chocolate brown eyes made her see a different side of him. Iyong bagay na hindi nito madalas na ipakita sa kanya.

Naisip niya tuloy, bakit ba away sila nang away? Ang alam lang niya ay siya ang paborito nitong asarin at siya naman ay lalong nainis dito nang nakawan siya nito ng halik. Kaya hanggang sa nagdalaga at nagbinata sila ay nag-aaway pa rin sila.

Pero kanina habang hinahalikan siya nito ay wala siyang naramdaman na kahit na anong galit, instead she felt on fire. Those strange sensations were the only thing that ruled her senses.

“Ano ang iniisip mo?” untag ng lalaki sa kanya. Nahuli niyang mataman siya nitong tinitingnan. Nag-iwas siya ng tingin, bigla siyang na-conscious sa titig nito.

“Wala lang, iniisip ko lang kung ano ang gagawin natin kung talagang pipikutin ka bukas ni Mommy.”

Napuno ang silid ng halakhak nito. Hindi na tuloy niya napigilan ang tumawa.

“Ano pa ba ang magagawa ko? Pakakasalan na lang kita. Mahirap na baka hindi na ako makalabas

nang buhay sa bahay ninyo.”

“Akala ko ba sabi mo kanina magpapari ka na lang?”

“Nagbago na ang isip ko. Ang sarap mo palang halikan!” He leaned toward her, kaya naman napaurong siya.

“Sira-ulo ka talaga! Sino ang may sabi na magpapakasal ako sa iyo?” mataray na sabi niya, pero hindi maikakaila ang ngiti sa kanyang mga mata.

“Ah, basta, magpaliwanag ka sa barangay!”

“Mukhang ako yata ang pipikutin mo, eh!” biro niya.

Tumawa ito nang nakakaloko. “Obvious ba? Ayaw mo ’yun, hindi ka na mabuburo diyan. Problema nga lang baka magalit sa atin si Issa kasi uunahan natin siya.”

Napangiti siya sa naisip. Mukhang magagalit nga sa kanila si Issa kung mangyayari iyon. “Bakit hindi ka pa nag-aasawa?” tanong niya.

“Hinihintay nga kita,” sagot nito. Natigilan siya sa sagot nito. Nang makita niya ang kislap sa mga mata nito ay alam niyang biro lang iyon.

“Ikaw, bakit wala ka pang boyfriend?” nais nitong malaman habang nakatingin nang derecho sa kanya.

Hindi niya alam ang isasagot dito. For sure he wouldn't understand.

“Baka hinihintay din kita,” biro niya. Natawa ito. Umisod ito palapit sa kanya, ngunit umatras siya palayo. Pero lumapit pa rin ito hanggang sa nasukol siya nito.

“Since naghihintayan naman tayo, bakit pa tayo maghihintay?” he said in his deep baritone voice. May kung anong gumapang na kilabot sa kanyang katawan lalo pa at inilapit nito ang bibig sa tainga niya. A shiver went down her spine, pati mga kuko niya sa paa ay biglang naging aware. She could feel the tension around them.

“Sumeryoso ka nga! Ang isipin mo ay kung paano natin malulusutan ang bagay na ito. Wala ka bang gamit diyan na p'wede nating ipansira sa pinto?” Tumayo siya at muling tiningnan ang pinto. Dapat niyang bigyan ng distansya ang sarili. Sumunod sa kanya ang binata.

“Naka-lock iyan sa labas at kung ang Ninang nga ang may plano nito, siguradong malaki ang kandado na inilagay niya,” anito nang makalapit sa

kinaroroonan niya at tumingin din sa pinto.

“Paano na ngayon iyan? Ano na ang gagawin natin?” nag-aalalang tanong niya.

“Ano pa ba? Matulog at maghintay na lang tayo.” Lumakad ito patungo sa nag-iisang sofa.

Hindi niya alam kung susunod siya rito o tatayo na lang magdamag sa tapat ng pinto. Isa ito sa mga bagay na pinakaayaw niya. Ang malagay sa isang sitwasyon na wala sa plano at hindi siya handa. Natuturette tuloy ang utak niya.

“Ano pa’ng ginagawa mo riyan?” nakakunot-noong tanong ni Nicko sa kanya. “Huwag mong sabihing tatayo ka riyan sa buong gabi.”

“Okay lang ako rito.” Umupo siya sa sahig. Subalit hindi pa sumasayad ang pang-upo niya ay nakatayo na ito.

“Ano ba ang ginagawa mo riyan? Halika nga rito. Promise I won’t bite.” Lumapit ito sa kanya at tinulungan siyang tumayo, pagkuwan ay iginiya na siya paupo sa sofa. “Dito ka na lang, mabuti at medyo presko ang stock room ninyo. Dito na lang ako sa gilid ng sofa.” Umupo na ito sa isang gilid ng sofa. Of all the acts, being a gentleman was the least of what she expected from Nicko.

My Sweetheart Enemy - Chelsea Enriquez

“Sure ka ayos ka lang diyan?” nag-aalangang tanong niya.

Tumango lamang ito at pumikit na. Hindi na ito muli pang nagsalita, kaya naman humiga na siya sa sofa at ipinikit na rin ang mga mata. Akala niya ay hindi siya makakatulog, subalit pagpikit pa lang niya ay himalang nakatulog siya kaagad.

3

Masakit ang katawan ni Nicko nang magising siya. Paano naman ay nakatulog siyang nakaupo. Sa totoo lang ay mas gusto sana niyang makatabi si Lorelei, pero kailangan niyang ilayo ang sarili. The woman was temptation incarnate. Bukod pa roon ay talagang na-guilty siya nang bigla na lamang itong umiyak. Hindi niya napigilan na biruin ito lalo pa nang makita niya ang discomfort sa mukha nito. But in between those moments, something caught him. Marahil ay ngayon lamang niya ito nakitang nagbaba ng depensa. Kaya bago pa siya may magawang pagsisisihan niya ay kusa na siyang nagbigay rito.

Tiningnan niya ang natutulog na dalaga. Napangiti siya. There she was sleeping like a fairytale princess. Iyon ang naisip niya habang pinagmamasdan ang pagtulog nito. She looked so contented, her lips slightly open. Suddenly, he wanted to kiss her. Sa huli ay dinampian na lamang niya ito ng halik sa pisngi.

Tinungo niya ang pinto, gaya ng inaasahan niya ay nakabukas na ito. Saglit siyang nagdalawang-isip kung gigisingin na kaya niya si Lorelei o hahayaan pa itong matulog. Sa huli ay naisip niyang kausapin

muna ang mommy nito.

Nadatnan niya ang biyuda sa kusina, nagluluto ng agahan. At hindi ito nag-iisa dahil kasama nito ang kanyang mama, si Mrs. Nora Almante.

“Ninang, baka p’wede pong paki-explain ang nangyari kagabi?” walang gatol na sabi niya at naupo sa isang silya.

“Good morning, Hijo! Kumusta ang tulog mo?” bati ng kanyang mama. Tiningnan niya ito nang matiim, subalit tila balewala lamang iyon. There was a hint of pure amusement in her eyes.

“Nakatulog ka bang mabuti, Hijo?” tanong ni Ninang Cory na noon ay inihahain na ang pagkain, ipinagsalin naman siya ng kape ng kanyang butihing ina. Hindi siya sumagot. Hinintay niyang magpaliwanag ang kanyang ninang. Bumuntong-hininga ito, she even looked defeated.

Humila ito ng silya at naupo. “Nicko, Hijo, matanda na kami ng mama mo. Siyempre gusto lang naman namin na makitang nasa mabuti kayong kalagayan bago man lang na...” Ibinitin nito ang sasabihin at tiningnan nito ang mama niya na nakaupo na rin sa tabi nito.

“Kaya naisip ninyo ang kalokohang iyon?”

sarkastikong tanong niya.

“Hindi naman kalokohan ang lahat. Siyempre kung magkakatuluyan kayo, eh, di natupad na namin ng mama mo ang isa sa matagal na naming pangarap. At higit sa lahat ay matutulungan mo pa ang anak ko,” paliwanag nito.

Aha! Mukhang alam na niya kung bakit naisipan ng mga ito na ikulong sila sa bodega. Pero paano matutulungan ng pangyayaring iyon si Lorelei? May problema ba ito?

“Pero hindi dapat kayong dalawa ang nagdedesisyon sa mga ganyang bagay. Nasa tamang edad na kaming dalawa.” Medyo tumaas ang boses niya. Hindi niya alam kung bakit siya naiinis. Ano ba ang akala ng mga ito sa kanila? Mga walang sariling isip? At kahit hindi sila gumawa ng ganitong klaseng kalokohan ay kaya naman niyang ligawan si Lorelei.

“Hindi mo lang...” Hindi na nito itinuloy ang sinasabi at sa halip ay binaling ang ina ni Nicko. “Mabuti ka pa, Kumare, malapit ka nang magkaapo kasi ikakasal na si Issa. Samantalang ako...” Medyo gumaralgal ang tinig ng ninang niya, pinunasan pa nito ang gilid ng mga mata nito. He almost rolled his eyes, kailan pa ito naging artista? But he received a silent warning from his mother.

“Kumare... tahan na. Kung hindi tayo mapagbibigyan ng mga bata, hintayin mo na lang si Mackoy o kaya naman kapag may apo na ako ay ipapahiram ko na lang sa iyo,” pang-aalo ni Mrs. Almante at muntik na siyang maubusan ng pasensya dahil pinupunasan na rin nito ang gilid ng mga mata nito. Pakiramdam niya ay nanonood siya ng soap opera.

“Bakit ba naman kasi nangyayari ito? Kasalanan itong lahat ni Armando. Kung hindi niya kami iniwan, hindi sana na-trauma ang anak ko na mag-asawa. Sana hindi ako nalulungkot ngayon. Hindi kasi alam ng mga bata kung gaano kahirap ang tumandang mag-isa. Ni wala akong kakuwentuhan kung wala ka, Kumare. Pero kung may apo na akong aalagaan, malamang na hindi na ako malungkot,” dagdag pa nito.

“Sandali... ibig ninyong sabihin, Ninang, kaya hindi pa nagkaka-boyfriend si Lorelei ay dahil sa hiwalayan ninyo ni Ninong Armando?” Hindi siya makapaniwala sa narinig. Tila yata may vulnerable side ang dalaga sa kabila ng katarayan nito sa kanya.

“Ano pa ba ang dahilan? Ang daming manliligaw ng anak ko, pero ni hindi niya pinapansin ang mga iyon. Kahit pansinin naman ay may napupuna siyang

hindi maganda palagi. Ikaw, Nicko, halos sabay na kayong lumaki, nakita mo na bang naging interesado siyang pumasok sa isang relasyon? Hindi ninyo kasi ako maintindihan.” Suminghot ito sa hawak na panyo.

“Naiintindihan kita, Kumare. Tahan na!” Sumabay pa si Mrs. Almante at humagulhol na ng iyak ang ninang niya. Tiningnan siya ng kanyang mama at alam niyang gusto nito na aluin niya ang biyuda. Pero ano ba ang sasabihin niya?

Nagpakawala siya ng hininga at nilapitan ito upang maupo sa tabi nito. “Sige na, Ninang, huwag na kayong umiyak. Liligawan ko na si Lorelei at nang hindi na kayo mag-resort sa mga ganitong tricks.” He sighed in defeat. Pero talunan nga ba siya? Mabuti pa nga sigurong pagbigyan na niya ang mga ito at hindi naman sigurado kung magugustuhan siya ng dalaga. Naalala niya ang nangyari nang nakaraang gabi at kung paano ito umiyak, naalala rin niya ang ulap sa mga mata nito nang ibalita niyang ikakasal na ang kapatid niya na best friend nito. Marahil nga ay malungkot talaga ang mahal na prinsesa.

Biglang may nabuong pagnanais sa puso niya na paligayahin ito. Paano niya gagawin iyon? Sa isip niya ay kinakalkula na niya ang mga dapat niyang gawin.

Natigil siya sa pag-iisip nang magsalita ang

kanyang ninang. “Eh, bakit kailangan mo pang ligawan? Tatal nakompromiso mo na siya, magpakasal na kayo.” Bigla itong tumigil sa pagluha.

Namangha talaga siya sa bilis nitong maka-recover. “Pasensya na, Ninang, but I’ll do it *my way*. Kung hindi kayo payag, kalimutan na natin ang usapang ito. At hindi ko nakompromiso ang dalaga ninyo dahil kung may nangyari sa amin, ako mismo ang mag-aalok ng kasal sa kanya,” he said with conviction. Kung anuman ang sasabihin ng mga ito ay hindi na natuloy nang makita marahil na seryoso siya.

“Ikaw ang bahala, Hijo. Hay naku, Cory, malapit na talaga tayong maging magbala!” tuwang-tuwang bulalas ng kanyang mama. Tumango ang ninang niya. Tumayo na siya at tutungo na sana sa sala nang matigilan siya dahil sa narinig niyang ihahanda na ng mga ito ang kasal. Napailing na lamang siya at tuluyang lumabas.

“That was absurd, Lorelei! Ano’ng naisip ng mama mo at nagawa niya iyon?” tanong sa kanya ni Jaco. Biyernes ngayon. Nasa isang restaurant sila at nagdi-dinner ng isa sa kanyang pinakamatalik na kaibigan. Kasalukuyan niyang ikinukuwento rito ang

nangyari sa kanya noong weekend.

Kung titingnan sila ay para silang mag-boyfriend ng lalaki, pero matagal na niyang natuklasan na imposibleng mangyari iyon dahil unang-una ay kaibigan lang ang turingan nila sa isa't isa at alam niya na matagal nang in love sa ibang babae si Jaco. He was still in love with his wayward wife.

“Sinabi mo pa! Mukhang desperada na ang mommy ko na makapag-asawa na ako kaya pati ang kababata kong iyon ay napagdiskitahan. Okay sana kung magkasundo kami, kaso mula noong mga bata kami ay mortal enemy ko na iyon.” Sumimsim siya ng juice at muling sumubo. Nahuli niyang nakatingin sa kanya ang kausap. “Bakit?” tanong niya.

“It just occurred to me that you are somewhat different today,” walang gatol na sagot nito pagkatapos ay sumubo ng pagkain.

“What do you mean?” nagtatakang tanong niya.

“Ngayon mo lang ikinuwento ang lalaking iyon and the way you talk about him...” Ibinitin nito ang sasabihin.

“Are you insinuating something?” She glared at him. Subalit imbis na mainis ay napangiti ito.

“Don’t be mad, Lorelei. Wala akong ibig sabihin, nagtataka lang kasi ako. Everytime you speak of him ay nag-iiba ang temperament mo.” A knowing smile was plastered on his handsome face.

“Ganito lang ako dahil naiinis ako sa kanya. Puro disaster ang mangyayari kapag kasama ko siya.” Tumusok siya ng steak at isinubo iyon.

“Uhm... sa palagay ko ay hindi ganoon ang mangyayari,” nanunuksong kontra nito.

Napabuntong-hininga siya. Hindi na siya muling nagsalita. There’s no point arguing with Jaco dahil mukhang may alam ito na hindi niya alam at mukhang wala itong balak sabihin iyon sa kanya.

A sudden wave of awareness alerted her. Pakiramdam niya ay mayroong nakatingin sa kanya. She looked around and then she saw him. He was looking intently at them, a mocking smile on his handsome face. Bigla siyang nanlamig, parang may masamang premonition na siyang nakikita. It’s in the way he smiled at her, na para bang may gagawin na naman itong kalokohan. He walked slowly toward them, a mischievous smile playing on his lips. She didn’t smile back, instead she turned her attention tn Jaco.

Before she knew it, he was already in front of their table. Nakita niyang nag-angat ng mukha ang kanyang kasama samantalang siya ay nakatungo pa rin.

“Fancy seeing you here, Lorelei,” bati ni Nicko sa kanya. Doon lamang siya nag-angat ng mukha.

“What are you doing here?” mataray na tanong niya.

“Ano pa ba ang gagawin ng isang tao sa restaurant? Really, Lorelei, siyempre nagpunta ako rito para kumain. I just happen to see you kaya lumapit na ako para batiin ka,” paliwanag nito pagkatapos ay tumingin ito kay Jaco. “Hindi mo ba ako ipakikilala sa kasama mo?” tanong nito.

Bago pa siya nakapagsalita ay tumayo na si Jaco para makipagkamay rito.

“Jaco, Pare.” Nagpakilala naman si Nicko at inabot ang kamay nito. Tila nagsukatan ng titig ang dalawang lalaki. Pagkatapos ng kamayan ay naupo na muli si Jaco.

“May kasama ka ba, Pare? You can join us if you want,” anyaya ni Jaco rito. Tiningnan ng dalaga ang kababata, a silent message was being sent to him. She was deliberately warning him to stay away. He

smiled at her again, a naughty gleam in his eyes. For a moment, akala niya ay uupo ito sa table nila.

“Hindi na, Pare. May kasama ako.” At tumingin ito sa kasama na noon ay naghihintay na sa mesang di-kalayuan sa kanila. Isa iyong seksing babae, mababakas sa mukha nito na tila inip na inip ito sa paghihintay sa talipandas na lalaki.

May kung anong sumundot sa puso ni Lorelei pagkakita sa magandang kasama nito. Ano ba ang nangyayari sa kanya? Sigurado siyang isa iyon sa mga babae ng palikero niyang kababata.

“Ah, ganoon ba? Maybe next time,” ani Jaco sa lalaki. Tumango si Nicko pagkatapos ay tinungo na ang kasama. Sinundan niya ito ng tingin.

“So that’s the famous Nicko?” Nagulat pa siya nang marinig na nagsalita ang kaibigan. There was an inquiring look on his face, na parang may hinihintay ito na ikumpirma sa kanya. Inirapan lamang niya ito at muling sumubo, pagkatapos ay ibinalik ang atensyon sa lalaki sa kabilang table. Mukhang seryoso na ito sa pakikipag-usap sa babae. Iniisip niya kung ano ang pinag-uusapan ng mga ito lalo pa at ngumiti nang pagkatamis-tamis ang kasama nito. Sigurado siyang binobola ulit ito ni Nicko.

Mula sa kausap ay lumington ito sa kanya. He waved and then smiled at her. And for the life of her, she couldn't understand why she blushed. Natawa si Jaco sa naging reaction niya.

“You can't deny it, Lorelei. There is something going on between the two of you,” panunukso pa nito.

“Mind your own business, Jaco!” inis na nasabi niya.

Kahit hindi niya maintindihan ay alam niyang may nabago sa kanya mula nang makulong silang dalawa ni Nicko sa storage room nila. Marahil ay na-touch siya rito sa pagiging gentleman nito. And then there was the fact that he made that night somewhat tolerable. Aaminin niya na sa haba ng panahong magkakilala sila ay noon lamang siya nagbaba ng depensa. And he didn't mock her about it, he seemed to understand her. Marahil iyon ang dahilan ng kakaibang nararamdaman niya. Iyon lang at wala nang iba pa.

Nicko had been watching her for quite sometime now. Kanina pagpasok na pagpasok niya sa restaurant ay ang dalaga kaagad ang nakita niya. Parang may signal ang katawan niya at mabilis niyang naramdaman na nasa malapit lang ito. Lagi siyang ganoon pagdating kay Lorelei. He never expected to

see her there, and he also never expected the pang of jealousy that consumed him when he saw her smiled at that guy.

May pakiramdam siyang hindi lang nito basta ka-date ang kasama. They seemed to be so comfortable with each other. *Yeah, so comfortable for my own good*, he thought with sarcasm. Muli niyang tinapunan ng pansin ang pareha, nakita niyang nakatingin sa kanya si Lorelei. He waved his hand and smiled at her. Bigla naman nitong nilingon ang kasama at ngumiti nang buong tamis. Again, the twitch of pain came.

“Are you going to look at them all night?” sarkastikong sabi ni Katrin, ang officemate at ex-girlriend niya. Halata sa magandang mukha nito ang pagkainis sa kanya.

Ibinalik niya ang atensyon dito. “No, curious lang ako dahil hindi mga katulad ng dati ang ka-date ng kababata ko.” Dinampot na niya ang menu at binuklat iyon.

“Anyway, let’s not dampen the mood. So pagkatapos nito, do you want to go to my place?” Alam niyang isa iyong paanyaya, subalit wala siya sa mood na pagbigyan ang babae.

“Busy talaga ako ngayon, Kat... I need to finish

the plan for the *Villegas and Sons*, kaya huwag muna ngayon,” pagdadahilan niya. Sumimangot ito at hindi na nagsalita pagkatapos, marahil ay nag-iisip ng strategy kung paano sila magkakabalikan. He took a glimpse on the other table at kitang-kita niya kung paano pinunasan ng kasama ni Lorelei ang gilid ng bibig nito.

He calmed himself and looked away. Napatiim-bagang siya, parang gusto niyang tumayo at hilahin ang dalaga saka ilayo sa lugar na iyon, then he would bring her home and make passionate love with her. Nagulat din siya sa naisip. And the intensity of his feelings had shaken him. But this was not the right time. And when the time comes, he would show her that he was worth that smile. He would definitely show her that he was the right man for her. Natuwa siya sa naisip, binalingan niyang muli si Katrin at ibinuhos na ang atensyon dito.